# Impormasyon sa programa ng Victorian Senior of the Year Awards

Filipino

OFFICIAL

Ipinagdiriwang ng Victorian Senior of the Year Awards ang mga matatandang nagboboluntaryo sa komunidad. Ang mga award (parangal) ay inaanunsyo tuwing Oktubre taon-taon.

## Pagiging Kwalipikado

Maaari kang mag-nominate ng isang tao para sa isang award. Ang taong iyong ino-nominate ay dapat na:

- isang mamamayan o permanenteng residente ng Australia
- isang residente ng Victoria
- 60 taong gulang pataas, o isang Aboriginal at/o Torres Strait Islander na naninirahan sa Victoria na 50 taong gulang pataas.

## Mga kategorya ng award

Mayroong 6 na uri ng award:

### Council on the Ageing (COTA) Victorian Senior Achiever Awards

Kinikilala ng mga award na ito ang mga lokal na tagapagtaguyod sa komunidad na umaambag nang malaki sa positibong pagtanda sa kanilang komunidad.

### Emerging Impact Award

Kinikilala ng award na ito ang isang indibidwal na bago pa lamang sa pagboboluntaryo at nagkakaroon ng malaking epekto sa kanilang lokal na komunidad.

### Positive Ageing Award

Kinikilala ng award na ito ang isang indibidwal na nagpapaunlad sa kapakanan ng mga matatanda sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagtataguyod ng positibo at aktibong pagtanda.

### Promotion of Multiculturalism Award

Kinikilala ng award na ito ang isang indibidwal para sa mahalagang kontribusyon sa pagtataguyod ng mga benepisyo ng pagkakaiba-iba ng kultura sa kanilang lokal na komunidad at sa buong Victoria.

## Veteran Community Award

Kinikilala ng award na ito ang isang indibidwal para sa kanyang natatanging kontribusyon sa komunidad ng mga beterano. Ang tatanggap ng award ay hindi kailangang maging isang beterano.

## Premier's Award para sa Victorian Senior of the Year

Kinikilala ng award na ito ang isang indibidwal para sa kanyang namumukod-tangi at pangmatagalang kontribusyon sa kanilang lokal na komunidad at sa Victoria. Ang Premier's Award para sa Victorian Senior of the Year ay hindi bukas para sa mga nominasyon. Ang mga kwalipikadong nominasyon mula sa lahat ng kategorya ay isasaalang-alang para sa award na ito.

# Alamin ang higit pa

Upang mag-nominate ng isang tao para sa isang award, kailangan mo ng impormasyon tungkol sa taong iyon. Kabilang dito ang:

- kanyang pangalan
- edad
- mga detalye sa pagkontak
- mga halimbawa kung paano niya tinutulungan ang ibang tao sa komunidad.

Para malaman ang higit pa tungkol sa Victorian Senior of the Year Awards:

- bisitahin ang Seniors Online https://www.seniorsonline.vic.gov.au/awards
- tumawag sa 8850 6164.

Kontakin kami para makatanggap ng dokumentong ito sa ibang format. Mangyaring tawagan ang Victorian Seniors Festival team sa 8850 6164 o mag-email sa seniorsfestival@dffh.vic.gov.au.

**Kung ikaw ay bingi, may problema sa pandinig, o nahihirapan sa pagsasalita/komunikasyon**, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng iyong gustong call channel ng National Relay Service (NRS)[1]. Pagkatapos, ibigay sa NRS ang numero ng aming telepono na 8850 6164. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang About the National Relay Service[2]

Awtorisado at inilathala ng Pamahalaang Victoria, 1 Treasury Place, Melbourne.
© Estado ng Victoria, Australia, Kagawaran ng mga Pamilya, Katarungan at Pabahay, Marso 2026.
ISBN 978-1-76171-049-0 (pdf/online/MS word)
Available sa Seniors Online https://www.seniorsonline.vic.gov.au/awards
(2603546 at 2603544)

[1] https://www.accesshub.gov.au/about-the-nrs/nrs-call-numbers-and-links

[2] https://www.accesshub.gov.au/about-the-nrs